


Filipino

Ikalawang Markahan–Modyul 9: Tula



Filipino – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikawalong Markahan – Modyul 9: Tula
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat : Aljebert C. Sinonta

Editor : Dores P. Claro

Tagasuri : Jessie C. Torreon, Jocelyn P. Abellano, Donna May D. Pinguit,
Teresita Merlin, Japhet K. Salar, Christy Joyce E. Anino

Tagalapat : Aljebert C. Sinonta

Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno,
Josephine Chonie M. Obsenares, Gilda G. Berte, Antonieta O.
Narra, Feldrid P. Suan, Jessie C. Torreon, Dores P. Claro
Victoria B. Pabia, Dores P. Claro

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education - Rehiyon ng Caraga

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS) Teacher
Development Center J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines, 8600

Telefax: (085)342-8207 / (085)342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

8

Filipino 8
Ikalawang Markahan – Modyul 9:
Tula

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito tungkol sa Tula ay may maramihang gamit. Una, matututunan mo ang mga kakayahang nasasalamín sa mga kasanayang nabanggit sa ibaba. Pangalawa, mas mapalalawak at mapalalakas ang mga kaalaman na iyong natuklasan sa naunang baitang. Panghuli, matutulungan kang mas mapahalagahan ang kulturang Pilipino at mahalín ng mas higit pa ang iyong pagka-Pilipino.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw bilang mag-aaral ay inaasahang:

1. Nabibigyang interpretasyon ang tulang napakinggan;
2. Naihahambing ang anyo at mga elemento ng tulang binasa sa iba pang anyo ng tula; at
3. Naisusulat ang isang orihinal na tulang may apat o higit pang saknong sa alinmang anyong tinalakay, gamit ang paksang pag-ibig sa kapwa, bayan o kalikasan.



Subukin

A. Panuto: Subukang ibigay ang interpretasyon ng mga taludtud ng tulang **Ang Babae, Sa Umpisa** ni Reynaldo A. Duque.

Ang Babae, Sa Umpisa

Reymaldo A. Duque

1

Bukas, bubukadkad ang mga rosas 11
Unti-unting malulugmok ang gabi: 11
Sa parang, magsasayaw ang lagablab 11

2

May hamog sa singit ng mga sanga 10
Tila bukung-liwayway: dalisay na tanda! 13
Matamis lalo ang ngiti ng mga umaga 13

3

Sasanib ang halimuyak sa dibdib 11
Ng lupa: awit na kailanma'y di mawawaglit 14
Bubulong ang agos ng buhay na lawa 12

4

(Isang pagbabago: libu-libong hibik 12
Na gigising sa nahihimbing na langit 12
Bingi saksi ng mga nasang sakdal tamis) 13

5

(Aambon din kasi sa gabi! Bawat tikatik 14
Didiligan ang mga binhing nakaidlip; 14
Sa hardin, ang pintua'y din ay ipininid) 13

6

May kambal na guying dito'y tatahak 10
Maiiwan lamang ang bakas ng magdamag 13:
Bukas, bubukadkad ang mga rosas. 9

[Punla 8 \(Mga panitikang Pambansa at florante at Laura\) page 74](#)

| Bahagi ng tula | Interpretasyon |
|---|----------------|
| Bukas, bubukadkad ang mga rosas Unti-unting malulugmok ang gabi | |
| Sasanib ang halimuyak sa dibdib Ng lupa: awit na kailanma'y di mawawaglit | |
| Isang pagbabago: libu-libong hibik Na gigising sa nahihimbing na langit | |
| Didiligan ang mga binhing nakaidlip; Sa hardin, ang pintua'y din ay ipiniid | |
| May kambal na guying dito'y tatahak Maiiwan lamang ang bakas ng magdamag: Bukas, bubukadkad ang mga rosas. | |

B. Ibigay ang elementong hinihingi

| Elemento | |
|----------|--|
| Sukat | |
| Tugma | |
| Persona | |
| Anyo | |
| Paksa | |

Aralin**1****Tula****Balikan**

- A.** Batay sa simula ng kuwento, bumuo ng isang magandang wakas.

Matalik na magkaibigan sina Nena at Neneng. Kapwa sila namamasukan sa isang patahian sa Maynila. Naninirahan si Nena sa kanyang tiyahin magmula nang maulila siya. Samantalang, nakatira naman si Neneng sa kanyang kapatid na may-asawa.

Magkasintahan sina Nena at Miguel ngunit hindi makadalaw sa bahay ang binata sa dalaga sapagkat tutol sa kanya ang tiya nito. Dahil dito, palagi silang palihim na nagkikita. Hindi makatiis si Neneng sa ganitong pangyayari. Nalalaman niyang masama ang hangarin ni Miguel sa kanyang kaibigan kaya upang mailayo si Nena sa binata, ipinagtapat niya sa tiya ni Nena ang lahat. Mahal niya ang kaibigan kaya ginawa niya ito. Naging malupit kay Nena ang kanyang tiya upang mailayo kay Miguel. Nakagawa naman ng paraan si Nena upang maparating ang lahat kay Miguel ngunit binalewala ito ng binata. Dahil dito, naging malungkutin si Nena. Lagi siyang inaali at inaalo ni Neneng.

Halaw sa Buod ng nobelang Nena at Neneng ni Valeriano Hernandez Pena

Wakas:

- B.** Matapos na mabigyan ng wakas ang kuwento, bumuo ng maikling interpretasyon gamit ang elemento nito.



Tuklasin

Panuto: Basahin muli ang **Ang Babae, Sa Umpisa ni Reymaldo A. Duque** at sagutin ang kasunod na Gawain.

1

Bukas, bubukadkad ang mga rosas
Unti-unting malulugmok ang gabi:
Sa parang, magsasayaw ang lagablab

2

May hamog sa singit ng mga sanga
Tila bukung-liwayway: dalisay na tanda!
Matamis lalo ang ngiti ng mga umaga

3

Sasanib ang halimuyak sa dibdib
Ng lupa: awit na kailanma'y di mawawaglit
Bubulong ang agos ng buhay na lawa

4

(Isang pagbabago: libu-libong hibik
Na gigising sa nahihimbing na langit
Bingi saksi ng mga nasang sakdal tamis)

5

(Aambon din kasi sa gabi! Bawat tikatik
Didiligan ang mga binhing nakaidlip;
Sa hardin, ang pintua'y din ay ipininid)

6

May kambal na guying dito'y tatahak
Maiwan lamang ang bakas ng magdamag:
Bukas, bubukadkad ang mga rosas.

A. Talasalitaan:

Panuto: Hanapin sa hanay **B** ang kahulugan ng mga mahihirap na salita sa hanay **A**

A

- _____ 1. Lagablab
- _____ 2. Bukang Liwayway
- _____ 3. Hibik
- _____ 4. Tikatik
- _____ 5. Ipininid

- _____ 6. Halimuyak
- _____ 7. Dalisay
- _____ 8. Nahihimbing
- _____ 9. Mawawaglit
- _____ 10. Tatahak

B

- A. Isinara
- B. Amoy/ Malakas na bango
- C. lumiliyab/ Nag-iinit
- D. Busilak/ Malinis
- E. Matagal na pagbagsak ng ulan
- F. Madaling araw
- G. Natutulog
- H. Sama ng loob
- I. Lalakbayin
- J. Mawawala

B. Pag-unawa sa Binasa

Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Sino ang inilarawan ni *Reymaldo A. Duque* sa kanyang tula?

Sagot: _____

2. Paano niya inilarawan ang babae sa kanyang tula?

Sagot: _____

3. Sino ang tinutukoy na rosas sa tulang binasa?

Sagot: _____

4. Ano ang nais iparating ng may-akda sa saknong 6?

Sagot: _____

5. Ipalawanag: (Isang pagbabago:libu-libong hibik, Na gigising sa nahihimbing na langit)

Sagot: _____



Suriin

Tula

Ang **tula** ay anyo ng panitikan at ito ay binubuo ng taludtod.

Ipinapahayag nito ang damdamin ng isang tao. Ito ay binubuo ng mga saknong at ang mga saknong ay binubuo ng mga taludtud. Ito ay pagpapahayag ng magagandang kaisipan at pananalita sa pamamagitan ng mga taludtod. Ang kalipunan ng mga taludtod ay tinatawag na taludturan o saknong. Nagpapahayag ito ng damdamin, gamit ng marikit na salita. Isa rin itong uri ng panitikan na nagbibigay diin sa ritmo, mga tunog, paglalarawan at mga paraan ng pagbibigay ng kahulugan sa mga salita. Samantalang ang ordinaryong pagsasalita at panulat ay inoorganisa sa mga pangungusap at mga talata, ang tula ay inoorganisa sa mga yunit na tinatawag na taludtod at saknong.

Ang tula ay isang anyo ng panitikan at ito ay binubuo ng taludtud. Nagpapahayag ito ng damdamin ng isang tao. Nagbibigay ito ng diin sa ritmo, mga tunog, paglalarawan at mga paraan ng pagbibigay ng kahulugan sa mga salita.

ANO ANG MGA ANYO NG TULA?

Anyo ng Tula? Ang mga anyo ng tula ay maaaring i-uri sa apat na bahagi na nauna na namin nailimbag sa nakaraang artikulo. Ito ay ang Malayang taludturan, Tradisyonal, May sukat na walang tugma at Walang sukat na may tugma. Upang maintindihan ng mabuti, ay iisa-isahin kong ipaliwanag ang bawat anyo ng tula.

Ang Malayang taludturan - Isang tula na isinulat nang walang sinusunod na patakaran kung hindi ang ano mang naisin ng sumusulat. Ito ay ang anyo ng tula na ipinakilala ni Alejandro G. Abadilla. Ayon sa kanya, maaaring makalikha ng tula na walang sukat at walang tugma. Ngunit dapat manatili ang karikatan, ito ay ang paggamit ng matatalinhagang pahayag na ipinakilala niya sa kanyang tulang “Ako ang Daigdig”

Ang Tradisyonal na Tula - Ito ay isang anyo ng tula na may sukat, tugma at mga salitang maymalalim na kahulugan.

Samantalang ang dalawa ay maiintindihan na sa tawag pa lamang dito. Ang anyo ng tula na **May sukat na walang tugma at Walang sukat na may tugma**

Mga Elemento

- **Sukat**
 - tumutukoy sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang saknong,
 - Pantig – ang paraan ng pagbasa
 - Halimbawa:
 - isda = is da = dalawang pantig
 - Ako ay isang tao = A ko ay i sang ta o = pitong pantig
- **Saknong**
 - tumutukoy sa isang grupo sa loob ng isang tula na may dalawa o maraming taludtod
- **Tugma**
 - **isang katangian na hindi angkin ng mga sumusulat ng prosa. Ang tugma** ay tumutukoy sa magkakasintunog ng huling pantig ng huling salita ng bawat linya.
 - May dalawang uri ito:
 - Tugmang ganap (Patinig)
 - Tugmang di-ganap (Katinig)
 - Halimbawa:
 - Mahirap sumaya
 - Ang taong may sala
- **Kariktan**
 - Ito ay mga maririkit na salita para mapasaya ang mambabasa at mapukaw ang damdamin at kawilihan
 - Halimbawa
 - Maganda – marikit
- **Talinhaga**
 - Ito naman ay tumutukoy sa mga di-tiyak na pagtukoy ng mga bagay na binabanggit.

<https://philnews.ph/2019/09/06/elemento-ng-tula-ano-ang-limang-mga-elemento-nito/>

Pagbibigay interpretasyon sa tula

- Ang pagpapaliwanag, pagsasalin ng kahulugan o pagbibigay ng sariling pananaw o kaisipan sa isang teksto o pahayag ay tinatawag na interpretasyon.
- Ito ay nagpapahayag ng bagong ideya.

Maari mong ilahad ang iyong sariling opinion batay texto o tulang iyong binasa kung ano ba ang nais iparating ng manunulat sa kanyang sinulat.

Proseso ng pagbibigay interpretasyon

- A.** Basahin at unawain ang pamagat ng tekstong binasa upang malaman kung ano ang layunin nito.

Halimbawa: Isang saknong na makita sa tulang **“Ang Babae, Sa Umpisa ni Reynaldo A. Duque”**

(**Aambon** din kasi sa gabi! Bawat **tikatik**
Didiligan ang mga binhing nakaidlip;
Sa hardin, ang pintua’y din ay **ipininid**)

- B.** Kilalanin ang may-akda at kung anong uri ng tula ang kanyang sinusulat.
- Manunulat: Si *Reynaldo A. Duque* ay kilala bilang isang mahusay na manunulat ng maikling kuwento at tula. Kabilang sa kanyang mga naisulat ay
- C.** Ilista ang lahat ng mga mahihirap na salitang iyong nabasa at bigyan ito ng kahulugan.

Halimbawa:

| Mahihirap na salita | | Kahulugan |
|----------------------------|---|------------------------------|
| Aambon | - | mahinang ulan |
| Didiligan | - | bubuhusan ng tubig |
| Ipininid | - | isinara |
| Tikatik | - | matagal na pagbagsak ng ulan |

- D.** Isulat ang kabuoang opinyon o pagkakaintindi sa tula. (pwedeng bawat taludtud, isang saknong o buong tula)

Interpretasyon:

“Ulan din kasi sa gabi, at ang matagal na pagbagsak ng ulan ay ang magsisilbing tubig ng mga binhing nalanta sa hardin na ang pintuan ay nakasara”



Pagyamanin

Panuto: Basahin ang tulang **Kabayanihan** ni Lope K. Santos at bigyang-interpretasyon ang bawat saknong ng tula.

Kabayanihan

Lope K. Santos

Ang kahulugan mo'y isang paglilingkod
Na walang paupa sa hirap at pagod;
Minsang sa anyaya, minsang kusang-loob,
Pag-ibig sa kapwa ang lagi mong diyos

Natalastas mong sa iyong pananim
Iba ang aani't iba ang kakain;
Datapwa't sa iyo'y ligaya na't aliw
Ang magpakasakit nang sa iba dahil.

Pawis, yaman, dunog, lakas, dugo, buhay...
Pinupuhunan mo at iniaalay,
Kapagka ibig mong sa kaalipinan
Ay makatubos ka ng aliping bayan.

Sa tulong mo'y naging maalwan ang dukha,
Sa turo mo'y naging mulat ang mulala,
Tapang mo'y sa duwag naging halimbawa't
Ang kamatayan mo ay buhay ng madla.

Tikis na nga lamang na ang mga tao'y
Mapagwalang-turing sa mga tulong mo;
Ang kadalasan pang iganti sa iyo
Ay ang pagkalimot, kung di paglililo.

<https://philnews.ph/2020/10/1/07/tula-10>

A. Pagbibigay interpretasyon ng Tula

Saknong 1: _____

Saknong 2: _____

Saknong 3: _____

Saknong 4: _____

Saknong 5: _____

B. Paghahambing sa iba pang anyo ng tula

| Elemeto ng Tula | KABAYANIHAN Lope K. Santos | Epiko ni Lam-ang |
|-----------------|-------------------------------|------------------|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

C. Pagsulat ng Orihinal na tulang may apat na saknong gamit ang paksang pag-ibig sa kapwa.



Isaisip

Panuto: Kompletuhin ang pahayag upang masukat ang iyong natutuhan sa araling ito.

Natutuhan ko sa araling ito na ang **tula** ay anyo ng _____.
Ipinapahayag nito ang _____ ng isang tao. Ito ay binubuo ng mga _____ at ang mga saknong ay binubuo ng mga _____.

Ipinapahayag nito ang damdamin gamit ang _____ na salita.
Binigbigyang-diin ang _____, mga tunog _____, _____ at mga paraan ng _____ sa mga salita.

Bilang kabuoan, mahalaga itong matutuhan dahil _____.



Isagawa

Panuto: Magsaliksik o maghanap ng isang tula na gagamitin sa sumusunod na gawain:

A. Pagbibigay-interpretasyon ng bawat saknong

| Pamagat: _____ | Interpretasyon |
|-------------------|----------------|
| Saknong # | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

B. Paghahambing sa iba pang anyo ng tula

| Elemeto ng Tula | Ako ang Daigdig ni Alejandro G. Abadilla | Nasaliksik na Tula |
|-----------------|---|--------------------|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

C. Pagsulat ng orihinal na tulang may apat na saknong gamit ang paksang pag-ibig sa kalikasan.

| |
|---|
| <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> |
|---|



Tayahin

Panuto: Basahin ang isa pang tula at bigyang interpretasyon ang piling bahagi ng tula.

Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan

Amado V. Hernandez

Lumuha ka, aking Bayan; buong lungkot mong iluha
Ang kawawang kapalaran ng lupain mong kawawa:
Ang bandilang sagisag mo'y lukob ng dayong bandila,
Pati wikang minana mo'y busabos ng ibang wika,
Ganito ring araw nang agawan ka ng laya,
Labintatlo ng agusto nang saklutin ang Maynila,
Lumuha ka, habang sila ay palalong nagdiriwang,
Sa libingan ng maliit, ang malaki'y may libingan;
Katulad mo ay si Huli, na aliping bayad-utang,
Katulad mo ay si Sisa, binaliw ng kahirapan;
Walang lakas na magtatanggol, walang tapang na lumaban,
Tumataghoy, kung paslangin; tumatangis, kung nakawan!

Iluha mo ang sambuntong kasawaiang nagtalakop
Na sa iyo'y pampahirap, sa banyaga'y pampalusog:
Ang lahat mong kayamana'y kamal-kamal na naubos,
Ang lahat mong kalayaa'y sabay-sabay na natapos,
Masdan mo ang iyong lupa, dayong hukboy nakatanod,
Masdan mo ang iyong dagat, dayong bapor nasa laot!

Lumuha ka kung sa puso ay nagmamaliw na ang layon,
Kung ang araw sa langit mo ay lagi nang dapithapon,
Kung ang alon sa dagat mo ay ayaw nang magdaluyong,
Kung ang bulkan sa dibdib mo ay hindi man umuungol,
Kung wala nang maglalamay sa gabi ng pagbabangon,
Lumuha ka nang lumuluha't ang laya mo'y nakaburol.

May araw ding ang luha mo'y masasaid, matutuyo,
May araw ding di na sa luha sa matamong namumugto
Ang dadaloy, kundi apoy, at apoy na kulay dugo,
Samantalang ang dugo mo ay aserong kumukulo;
Sisigaw kang buong giting sa liyab ng libong sulo
At ang lumang tanikala'y lalagutin mo ng punglo!

[Panitikang Asyano 9\(Modyol ng Mag-aaral sa Filipino\) Page 210](#)

A. Pagbibigay interpretasyon sa Tula

1. Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking bayan

2. Ganito ring araw nang agawan ka ng laya,
Labintatlo ng agusto nang saklutin ang Maynila,
Lumuha ka, habang sila ay palalong nagdiriwang,
Sa libingan ng maliit, ang malaki'y may libingan.

3. May araw ding ang luha mo'y masasaid, matutuyo,
May araw ding din a sa luha sa mata mong namumugto
Ang dadaloy, kundi apoy, at apoy na kulay dugo,
Samantalang ang dugo mo ay aserong kumukulo;
Sisigaw kang buong giting sa liyab ng libong sulo
At ang lumang tanikala'y lalagutin mo ng punglo!

B. Paghahambing sa iba pang anyo ng tula

| Elemento ng Tula | Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking bayan Amado V. Hernandez | Nasaliksik na Tula |
|------------------|---|--------------------|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

C. Pagsulat ng orihinal na tulang may apat na sagnong gamit ang paksang pag-ibig sa bayan.



Karagdagang Gawain

Panuto: Bigyang interpretasyon ang mga sumusunod na taludtod. Maaring gumamit ng simbolismo upang mabigyan ito ng kahulugan. Sumulat ng isang pangungusap na nagpapaliwanag dito.

1. Katulad mo si Sisa, Binaliw ng kahirapan.
2. Iluha mo ang sambuntong kasawiang nagtalakop.
3. Lumuha ka kung sa puso mo ay nagmaliw na ang layon.
4. Masdan mo ang iyong lupa, dayong hukbo'y nakatanod.
5. May araw ding ang luha mo'y masasaid, matutuyo

Paliwanag:


1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN

| |
|--|
| Interpretasyon |
| Magkakaroon ng bagong simula, at untiunting sisbol ang pag-asa. |
| Raranas ng saya ang dibdib na mala at hindi na mawawala. |
| Dulot ng pighati ay pagbabago na pupukaw sa tolog na damdamin. |
| Ang nakasaradong pag-iisip ay unti-unting pupunoan ng kaalaman. |
| Ang nakaraan ay magiging parti ng karanasan at bukas ay pagsibol ng pag-asa. |

A. TALASALITAAN

1. C
2. F
3. H
4. E
5. A
6. B
7. D
8. G
9. J
10. I

B. PAG-UNAWA SA BINASA

1. Babae
2. Inilarawan niya ang bilang isang rosas na darating ang araw na ito'y mamumukadkad.
3. Babae
4. Darating ang araw na ang babae ay mamumukadkad o itoy magpapakita ng pagbabago at angking talent at talino.
5. Magkakaroon ng pagbabago dahil sa pighating naranasan at pupukaw sa natutulog na damdamin.

B. Ibigay ang elementong hinihingi

| | |
|----------|------------------------|
| Elemento | Pagsusuri |
| Sukat | Labndalawahin pantigan |
| Tugma | Tugmang di-ganap |
| Persona | Ikatlong panauhan |
| Anyo | Malayang taludturan |
| Paksa | Babae |

PAGYAMANIN

A. Pagbibigay interpretasyon sa tula

1. Inilarawan niya ang kabayanihan bilang pagtulong sa kapawa ng walang bayad o sohol kundi dahil pag-ibig.
2. Maging Masaya kahit na ang bunga ng paghihirap ay iba ang pumipitas. Sapagkat Masaya na siyang makikita ang ibang taong Masaya kahit na isya'y nahihirapan.
3. Gagawin ang lahat buhay man ang kapalit matubos lamang pagka alipin ng sariling bayan.

4. Naging huwaran ng lahat kaya't kamatayan ay nagbuhay sa patay na bayan.
5. Ngunit mga pagsakripisyo ay parang nilista sa tubig, lahat ay walang turing at nakalimot.

ISAISIP

1. Panitikan
2. Damdamin
3. Saknong
4. Taludtud
5. Marikit
6. ritmo
7. tunog
8. paglalarawan
9. Pagbibigay kahulugan

TAYAHIN

A. Pagbibigay interpretasyon sa tula

1. Kung tapus kanang magluksa (bayan)
2. Ika-13 ng Agosto sinakop ang maynila, ang mananakop ay nagdiriwang habang luluha ang sari;ing bayan, malaki man o malit lahat ay ,ay libingan.
3. Darating ang araw na nang dahil sa pighati matutuyo ang luha't sisilab ang puso't mag-aalsa laban sa dayuhan.

KARAGDAGANG GAWAIN

Paliwanag:

1. Marami ang nabaliw dulot ng kahirapan.
2. Ilabas lahat ng hinanakit sa pamamagitan ng pag-iyak.
3. Umiyak ka kung ang puso mo ay nangangarap na ng bagong pag-asa.
4. Tingnan mo ang iyong sariling bansa, dayohan na ang nakabantay.
5. Darating ang araw na mauubos din ang iyong luha.

RUBRIKS SA PAGPAPALIWANAG

| Pagpapahayag | Napakahusay | Mahusay | Di-gaanong mahusay | May malaking kakulangan | Mag-ensayo pa |
|--|---|--|--|--|---|
| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Kalidad ng pagpapaliwanag sapat at makabuluhan | Buo at maliwanag | Katamtamang pagpapaliwanag | May kaunting kamalian ang pagpapaliwanag. | Nagpapakita ng kaunting kaalaman. | Ang sinasabi ay malayo sa paksa o tanong. |
| Pagsasalita at pagbigkas | Lubhang naging malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe | Naging malinaw ang paghahatid ng mensahe | Di-gaanong malinaw ang paghahatid ng mensahe | Hindi naging malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe. | Paulit-ulit ang pagbigkas o pagsasalita ng sinasabi |
| KABUOAN | 10 | 8 | 6 | 4 | 2 |

Sanggunian

Infantado, Remedios, *BAYBAYIN I Paglalayag sa Wika at Panitikan (Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino)*. Ramilito Correa – Koordineytor. Rex Book Store

Miranda, Lourdes L., Antonietta D. Tapang, Pilipina A. Guerrero, Corazon L. Santos, Ph.D., *PUNLA I* Rex Book Store.

<https://philnews.ph/2019/09/06/elemento-ng-tula-ano-ang-limang-mga-elemento-nito/>
<https://philnews.ph/2020/10/1/07/tula-10>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph